

DepEd ADVISORY No. 270, s. 2010
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
This advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
September 6, 2010

**SEMINAR-PALIHAN SA PAGKOLEKTA AT PAGSASALIN
NG PANITIKANG PABIGKAS NG ROMBLON**

Ang Romblon State University (RSU) sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (PKKS) ay magdaraos ng **Seminar-Palihan sa Pagkolekta at Pagsasalin ng Panitikang Pabigkas ng Romblon** sa Setyembre 23-25, 2010 sa AVR Room, Romblon State University, Odiongan, Romblon.

Layunin ng seminar-palihan na makolekta at maisalin ang mga panitikang pabigkas ng Romblon. Tiyak na layunin naman nito ang mga sumusunod:

- a. maidokumento ang mga nakolektang panitikang pabigkas;
- b. maitampok ang panitikang pabigkas ng Romblon;
- c. mailatag ang proseso ng pagsasalin mula Onhan, Asi, Romblomanon tungong Filipino;
- d. mailathala ang kauna-unahang koleksiyon ng panitikang pabigkas ng Romblon para magamit ng mga guro sa pagpapatupad ng SEC 2010 kurikulum; at
- e. makaambag sa paglago ng kultura at sining ng Pilipinas.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan mula sa elementarya, haiskul, at kolehiyo sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa seminar na ito. Maaari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

Ang bayad sa rehistrasyon (non-refundable) ng bawat delegado ay Isang Libu't Limang Daang Piso (PhP1,500.00) para sa pagkain ng tatlong (3) araw, sertipiko, hand-outs at conference kit. Ang akomodasyon ay libre sa bawat delegado para sa dalawang (2) araw.

Magbibigay ng sampung porcientong (10%) diskuwento para sa mga makakapagrehistro at makakapagbayad hanggang Setyembre 15, 2010.

Ipadala ang inyong reserbasyon o mag-text bago dumating ang Setyembre 15, 2010 kay **Prop. Sherwin M. Perlas**, Direktor para sa Gawaing Panlabas at Opisina para sa Pampublikong Impormasyon, Romblon State University, Odiongan, Romblon 5505, telephono bilang: (0918)382-0322